# ULAT ni ISKA

Management and Organizational Development for Empowerment, Inc. (MODE, Inc.)

January 2005 - Volume 2



## Anong nasa loob?

Ang Karapatan sa Sapat na Pagkain.

Parangal kay Ka Memong.

Batas sa Malinis na Tubig.

CARP Validation sa Ormoc at Alang-alang.

## Tampok:

## Pagpapakilala sa SARILAYA

# MGA NILALAMAN:


| | |
|---|---|
| 3 | Mula sa Patnugutan |
| 4 | Ang karapatan sa sapat na pagkain |
| 5 | Parangal kay Ka Memong |
| 6 | Batas sa malinis na tubug |
| 7 | CARP Validation sa Ormoc at Alang-alang |
| 8 | Pagsusuri sa kondisyon ng tubig inumin sa kanayunan: ang kwento ng Samar |
| 9 | Panayam sa MTPDP at Secretary Neri ng NEDA |
| 10 | Operation Kadamay I at II sa Bagyong Winnie at Yoyong |
| 11 | Operation Kadamay I at II pictures |
| 14 | Sino ba ang SARILAYA? Anu-ano ang mga gawain nito? |
| 16 | Beijing Platform of Action |
| 18 | Kababaihan para sa kaunlaran |
| 20 | Mga Hamon sa Pagpapatupad ng Anti-Violence against women and their children act. |
| 27 | The Dawning of New Hope! |
| 29 | MODE WORKERS: Setting the standards to realize a dream |
| 31 | MODE: PRA with the community |



ULAT ni ISKA

Management and Organizational Development for Empowerment, Inc. (MODE Inc.)



EDITORIAL BOARD

Nena G. Fernandez

Patricia Fe C. Gonzales — Aurora A. Regalado

WRITERS:

Joelyn S. Biag — Noel Valencia

Jojo Abrugar — Leonora Garcia

Zeny Salientes-Mique — Maria Mendoza

ART DIRECTOR:

Rundell A. Ato


*Para sa mungkahi, dagdag, puna at kontribusyon, sumulat sa:*


**ULAT NI ISKA**
MODE, Inc.
99 Matimtiman St., Sikatuna Village
Quezon City 1101, Philippines
Tel. Nos.: (632) 435.3652 / 426.1126
Fax No.: (632) 435.3655
Email: info@mode.org
Website: www.mode.org


*Ililimbag lamang ang sulat kapag kasama ang address, telephone, e-mail. Maaring ayusin ang isinulat or artikulo ayon sa kinakailangang puwang at kalinawagan.*

**MODE's EXTENSION OFFICE ADDRESS:**


MODE Samar Program Office
Practice House, Annex Bldg.,
University of Eastern Philippines
Catarman, Northern Samar 6400


*Inililimbag ang ULAT NI ISKA dalawang beses isang taon. Isang non-government, non-stock ang MODE na naglalayong makatulong sa pagpapaunlad ng lokal na ekonomiya sa kanayunan.*

## Mula sa Patnugutan

Sa panahon ngayon ng tag-hirap, na ayon sa ulat, ay sankatlong bahagi ng mamamayan ang nagugutom, marami ang nagiisip ng iba't ibang paraan sa pagtitipid, nariyan ang car pool sa mga subdivision, nariyan din ang isang beses na lamang nagluluto sa isang araw para matipid sa gas. At marahil, marami na rin ang minsan na lamang kumakain bukod pa sa marami na di malaman kung saan kukunin ang kakainin.

Gasgas na rin ang mga sapatos at tsinelas ng kamamartsa sa lansangan subalit nananatiling bingi sa hinaing ng mamamayan ang mga nasa kapangyarihan. At iisa pa rin ang pagtingin kung paano uunlad ang bansa - export at panliligaw sa mga dayuhang korporasyon para dito mamuhunan. At iilan na lamang ang mga duktor at nurses ang naiiwan sa bansa, subalit tila di pa rin nangangamba ang pamahalaan. Marami na rin ang nagtatanong: Sino na nga ba ang tatawaging bayani sa panahon ngayon.

Sa panahon ngayon ng globalisasyon – ano ang laban ng mahihirap na bansa para makipagtunggali sa mayayamang bansa sa punto ng kalakalan? Paano maka-aangat sa kabuhayan ang mga magsasaka samantalang sa usapin pa lamang ng lupa ay di na malutas? At marami pang usapin ang dapat harapin. Sisikapin ng Ulat ni Iska na talakayin ito sa tulong ng iba pang NGO.

Sa ULAT NI ISKA isang uri ng pagtitipid ang pinagsamang isyu mula sa MODE at SARILAYA. Sana'y makatulong sa makabuluhang pagbabasa.

## ANG KARAPATAN SA SAPAT NA PAGKAIN

Naging tampok na kampanya ng MODE ang katiyakan sa pagkain mula pa noong 1996. Subali't simula noong 2003, nagkaroon ng pagpapalalim sa kampanyang ito mula sa punto de vista ng KARAPATANG PANTAO. Naganap ito matapos dumalo ang mga kinatawan ng mga organisasyong kasapi ng People's NGO Liaison Committee on Food Security and Fair Trade (PNLC) ng mga seminar hinggil sa karapatan sa pagkain na isinagawa ng Food First Action Network (FIAN). Sa bahagi naman ng MODE, ginawa nitong bahagi ng kaniyang oryentasyon ang "rights based approach" sa pagkain o pamamaraang nagkabatay sa pananaw ng karapatang pantao.

Mahalaga ang pagkilala ng lahat ng mamamayan sa karapatang pantao kaugnay ng sapat at tiyak na pagkain at ang pamamaraang kaakibat nito. Sa pananaw sa ito, kinikilala ang karapatan ng bawa't tao bilang tao, anuman ang kanyang uri, kulay o lipi, kasarian, edad, at iba pa. Ang karapatang pantao kung gayon ay kakambal ng pagkatao ng bawa't isa. Nasa atin ito simula pa nang tayo ay isilang.

Kung ang tao ay mayroong karapatang magkamit ng mga benipisyo o biyaya mula sa kaniyang likas na karapatan bilang tao, mayroon namang may obligasyon o tungkulin na tiyakin na ang lahat ng tao ay natatamasa ang kaniyang angking karapatan. Ito ay ang ESTADO o GOBYERNO. Batay dito, may tatlong obligasyon ang estado:

- **PAGGALANG** sa karapatang pantao sa pagkain ng bawa't mamamayan

  Nangangahulugan ito na walang gagawin ang estado bilang tuwirang paglabag ng karapatang pantao sa pagkain. Isang halimbawa ang tuwiran at tahasang paghadlang ng pwersang military sa daloy ng suplay ng pagkain sa isang lugar sa porma ng "food blockade", sa panahon ng militarisasyon.

- **PANGANGALAGA** sa karapatang pantao sa pagkain

  Nangangahulugan ito na sa panahong mayroong "third party" o mga tao o institusyon na hindi bahagi ng estado na gumagawa ng paglabag sa karapatan sa pagkain ng indibidwal o grupo ng tao, may obligasyon ang pamahalaan na pigilan at parusahan ang indibidwal at institusyong ito sa kanilang paglabag ng karapatang pantao. Isang halimbawa nito ang mga malalaking panginoong maylupa na humahadlang sa karapatan sa lupa ng mga magbubukid.

- **PAGPAPATUPAD** ng karapatang pantao sa pagkain

  Nangangahulugan ito na sa panahong mawalan ng kakayahan ang mamamayan na magkaroon ng sapat na pagkain, handang direktang magbigay ng pagkain ang ESTADO sa mamamayang apektado. Isang halimbawa nito ang paghahatid ng sapat na pagkain sa mga mamamayang apektado ng kalamidad, gaya ng sunog, baha, at iba pa.

Mahalagang tingnan ng pamahalaan ang mga gawaing ito bilang obligasyon at hindi mga gawaing itinakda lamang ng papel. Nililinaw nito na may karapatan ang mamamayan na singilin ang pamahalaan sa pagpapatupad ng kaniyang gawain. Karaniwan nagmimistulang pulubi ang mga mamamayan, lalo na yaong mga mahihirap kapag humihingi ng tulong sa pamahalaan.

Kung tutuusin ay nararapat lamang na tugunan ng pamahalaan ang pagtatamasa ng batayang karapatan ng mamamayan kahi't hindi ito hinihingi.

Nakatakda ang mga obligasyong ito sa mga pandaigdigang kasunduan na nilagdaan ng pamahalaan ng Pilipinas, gaya ng Pangkalahatang Deklarasyon ng Karapatang Pantao (Universal Declaration of Human Rights ), Pandaigdigang Kasunduan hinggil sa Karapatan sa Kabuhayan, Panlipunan at Pangkulturang Karapatan ( International Covenant on Economic, Social and Cultural Rights o ICESCR) at iba pang kasunduang pandaigdigan.

Sa pandaigdigan at pambansang saklaw, mahalaga ang kampanya para sa karapatan sa pagkain dahilan sa marami pang mga batas at pagpapatupad ng batas na kailangang maisagawa upang lubusang makamit ng nakakararaming mamamayan ang sapat na pagkain.


Sa Pilipinas, mahigpit na ini-uugnay ang kampanya ng karapatan sa pagkain sa karapatan sa lupa ng mga pangmasang organisasyon lalo na nang mga kasapi ng PNLC. Dahil ito sa malaki ang naging bunga ng kawalan ng lupang sinasaka sa pagkakamit ng karapatan sa pagkain. Malaunan, mahigpit ding naiugnay ang mga usaping ito sa kampanya ng tinatawag na "malayang kalakalan". ***(PCG)***

----------o---------

## PARANGAL KAY KA MEMONG

Nagbigay-alay ang mga NGO kay Ka Memong nuong ika-24 ng Oktubre 2004. Ginanap ito sa Christ The King sa E. Rodriguez, Quezon City at dinaluhan ng mga kaibigan, kakilala at ng mga manggagawang-NGO.

Ibinigay ang ***Gawad-Kagitingan***, dalawang araw bago sumapit ang ika-91 kaarawang gulang ni Ka Memong. Bagama't nasa dapit-hapon na ang buhay ni Ka Memong, malinaw pa sa kanya ang lahat. Tulad ng isinulat niya sa kaniyang aklat nuong 1998, muli niyang binanggit:



> *Dapat maunawaan ng mga nasa kapangyarihan na nararapat marinig ang tinig ng mga nasa ibaba ng panlipunang tag-ilo (pyramid) kung papaano pinatatakbo ang pamahalaan at kung papaano itinatayo ang panlipunang sibil. At doon sa mga nasa salalayan, dapat na igiit nila ang kanilang mga sarili at mangahas na makibaka.*

Kilalang kilala natin si Ka Memong, Felicisimo B. Patayan. Isinilang si Ka Memong nuong 26 Oktubre 1913 sa Tubigon, Bohol. At ang pinakamabungang bahagi ng kanyang buhay ay iginugol sa pakikibaka. Naging gerilya siya sa ilalim ng USAFFE nuong ikalawang digmang pandaigdig. Matapos ang digmaan, napaloob siya sa *social action program* ng *Catholic Heirarchy.* Bagama't na-aliw siya sa mga awiting *mananita,* hindi naghupa ang alab sa kanyang dibdib at ito ang nagtulak sa kanya upang sumapi sa *Federation of Free Farmers.* Naging makulay at

mabunga ang buhay ni Ka Memong, tunay siyang buhay na bayani para sa magbubukid. At sa tagal ng kanyang paglahok sa pakikibaka, walang naiwang pait sa kanyang puso, walang panghihinayang sa nakaraan, ang kapakanan pa rin ng magbubukid ang lagi niyang nasasabi. Tulad rin ng nasabi niya sa kanyang aklat-talambuhay: *isipin ang panahon kapag namumulaklak na ang mais... kinakailangang maghintay bago ito anihin.*

*Kasama ang iba't ibang NGO tulad ng People's NGO Liaison Committee for Food Security and Fair Trade (PNLC), P-Mend, PPI, SEARICE, Agusan Ecotech Foundation, PGX, Peace Foundation, Angela's Farm, naglunsad rin ng* raffles *ang grupo upang makalikom ng tulong para kay Ka Memong. Kasama sa gantimpala ang mga donasyong* artworks *nina Pablo Baensantos, Biboy Delotavo, Niel Doloricon, Boy Dominguez at Egai Fernandez. Kasamang nagdonasyon ng gantimpala ang iba't ibang NGO.* ***(NGF)***

----------o---------

## BATAS SA MALINIS NA TUBIG

Sino ang mag-aakala na darating sa buhay ng Pilipinas na magmamahal pa ang tubig-inumin kaysa sa *softdrink.* Sa dinami-dami ng ilog, lawa, bukal, ulan at bagyo ay magkakaroon ng krisis sa tubig. Sa mga *restaurant*, kailangan pang itanong kung sala o *filtered* ang tubig at kung hindi, mas makabubuting pang bumili na lang ng *mineral* o *distilled water* na nakabotelya.

Malaking kalakalan ang tubig at nangunguna ang mga dayuhang korporasyon na kumikita sa pagbebenta ng tubig. At siyempre pa, ang mga mayayamang bansa ang nagsimula na ang tubig ay isang bagay na mapagkikitaan. Sa kasalukuyan, tinatayang umaabot sa US$400 milyon hanggang US3 trilyon ang kita sa pagbebenta ng tubig ng mga dambuhalang korporasyon bawat taon. At marami ang nagsasabing ang susunod na pag-aawayan ay hindi na langis kundi tubig.

> ***TUBIG***
>
> Nuong araw kapag kumain sa *restaurant*, unang isinisilbi ang tubig sa baso, saka itatanong ang *order*. Ngayon itatanong pa kung *filtered* ang tubig at kung hindi ay o-*order* na rin ng *bottled* water. Sino nga ba ang makapagsasabi na darating ang araw na mas mamahal pa ang tubig kaysa sa *softdrinks.* Lalo na sa Pilipinas na napaliligiran ng tubig. Kahit nga ang salitang, *tagalog*, ay sinasabing nagmula sa salitang *taga-ilog*. Sila ang sina-unang nakatira sa malapit sa ilog. Sino rin ang makapagsasabi na ang awit na, *Mutya ng Pasig* ay dahil sa ganda ng ilog Pasig nuong araw.

Dito sa Pilipinas, may bagong batas na inilabas nuong Marso 22, 2004 upang mapangalagaan ang tubig. Tinawag ang batas na ito na, *Philippine Clean Water Act of 2004* (Republic Act 9275). Ayon sa pahayag ng patakaran:

*Isusulong ng Estado ang isang patakaran ng pagunlad ng ekonomiya sa pamamaraang naaayon sa pangangalaga, pag-iimbak at pagpapalakas ng katangian ng ating tubig na tabang, alat at sa dagat. At upang makamtam ito, isusulong ang balangkas ng patuloy na pag-unlad.*

*(The State shall pursue a policy of economic growth in a manner consistent with the protection, preservation and revival of the quality of our fresh, brackish and marine waters. To achieve this end, the framework for sustainable development shall be pursued.)*

Pangungunahan ito ng *Department of Environment and Natural Resources* o ng DENR sa pakikipagtulungan ng *National Water Resources Board (NWRB).* Sila ang magtatakda ng mga pook bilang *water quality management areas.*

Pangangasiwaan naman ng isang sanggunian ang sinasabing *management area.* Binubuo naman ang sanggunian ng mga kinatawan ng mayor, governor ng kasaping LGUs (*local government units*), at kinatawan ng naaangkop ng ahensiya ng gobyerno, ng rehistradong NGO (*non-government organizations), water utility sector* at *business sector.* Sila ang magsasagawa ng mga pamamaraan upang mabisang maipatupad ang batas.

Dalawang uri ng pondo ang binuo na pamamahalaan ng DENR para sa mga kakailanganing gastusan; ang *National Water Quality Management Fund* at ang *Area Water Quality Management Fund.* Ayon sa batas, maglalaan ng P100,000,000 na pondo para sa panimulang pagpapasakatuparan nito.

Maraming probisyon ang nasabing batas, kasama na ang pagbibigay ng pabuya, multa at iba pa. Subalit dahil nakabatay ang batas sa pagpapaunlad ng ekonomiya – na hindi naiiba sa kaisipan ng mga korporasyong kumikita sa pagbebenta ng tubig, isang palaisipan kung karapatan nga ba ng bawat mamamayan ang pagkakaroon ng sapat, malinis at magagamit na tubig. ***(NGF)***

----------o---------

## CARP VALIDATION SA ORMOC AT ALANG-ALANG

Noong Hulyo at Agosto pinangunahan ng Management and Organizational Development and Empowerment (MODE) at Institute for Democratic at Participatory Governance (IDPG) ang CARP Validation sa hanay ng mga piling lider magsasaka ng Ormoc at Alang-Alang sa lalawigan ng Leyte. Layunin ng CARP validation na matukoy ang lawak o kitid ng implementasyon ng CARP at makita ang mga balakid o sogna na pumipigil sa patuloy na implementasyon ng CARP.

Ang serye ng CARP validation ay dinaluhan ng mga lider magsasaka mula sa pederasyon ng KAMAO at BRAMO ng siyudad ng Ormoc at AFF ng bayan ng Alang-Alang. Humigit kumulang sa 60 lider magsasaka ang nagbahagi ng mga buhay na karanasan sa pakikibaka sa pagpapatupad ng repormang agraryo at naghanay ng mga rekomendasyon upang higit pang maisulong ang mga batas at probisyon ng CARP.

Sa mga dumalo muli nilang sinariwa ang kanilang pananaw hinggil sa lupang sinasaka. Para sa mga magsasaka ang lupa ay buhay. Sabi nga ng karamihan ang lupa ang tanging nagbibigay sa kanila ng dignidad at kabuhayan. Ang lupa ang tanging yaman na kanilang maiaalay sa kanilang mga anak.

Ibinahagi din ng mga lider magsasaka na marami-rami na din sa kanilang hanay ang nawalan ng pag-asa. May mangilan-ngilan ang nagbuwis ng buhay. May ilan na nakitil ang buhay. At marami din sa kanila ang dumanas ng matinding gutom at kahirapan bunga na din ng kanilang patuloy na paggigiit sa tunay na implementasyon ng repormang agraryo.

Para sa mga dumalong lider magsasaka napakahalaga pa rin na at organisahin ang hanay ng mga magsasaka. Ang pinagbuklod na lakas, tapang at kahandaan ng mga magsasaka sa pamamagitan ng mga samahang pang magsasaka sa pamamagitan ng mga samahang pang magsasaka ay lubos na makakatulong sa pagsusulong ng CARP.

Nakita din ng mga lider magsasaka na kinakailangan ang lubos na pakikiisa ng pambansang pamahalaan, mambabatas, kawanihan ng tagapagpatupad na ahensya, may-ari ng lupa at lokal na pamahalaan upang maisakatuparan ang CARP.

Ang serye ng CARP validation ay sinundan ng dalawang magkasunod na dialogue sa DAR upang maidulog ng mga magsasaka ang kalagayan ng implementasyon ng CARP sa kanilang mga lugar at patuloy na himukin ang kawani ng DAR na mapatupad ang CARP. ***(NV)***

## Pagsusuri sa kondisyon ng tubig inumin sa kanayunan: ang kwento ng Samar

Hindi na bago sa kaalaman ng marami na matindi ang pangangailangan ng malinis na tubig pang-inom sa kanayunan. Ang pagsusuri na ginawa ng MODE sa ilang munisipalidad sa Northen Samar ay larawan kung gaano katalamak ang problema. Ang resulta ng pagsusuri ay mula sa 25 na FGD na naganap sa iba't ibang bahagi ng lalawigan.

***Pinagkukunang tubig.***
Mas nakakarami ang mga pamilyang nakapanayam na ang pangunahing pinagkukunang tubig ay posong kumonal. Maliit lamang na bahagi ng mga nakapanayam ang mayroong access sa tubig sa loob ng kanilang tahanan. Malimit din na pinagkukunang tubig ang mga bukal o ilog, na siya namang nagiging marumi sa panahon ng tag-ulan kung saan bumaba ang mga putik mula sa mga kabundukan at dinadala ng tubig ilog.

***Epekto sa kalusugan.***
Kadalasan, dala ng maruming tubig ang mga sakit. Ayon sa mga residente ng Barangay Toog, Laveres ang tubig sa kanilang lugar ang sanhi ng malaria at pagkakaroon ng bulate ng mga bata. At hindi sa lahat ng mga barangay ay mayroong health center na madaling makukunsulta ng mga may sakit at makakuha ng libreng gamot.

Meron ding epekto ang pagbubuhat ng mga mabibigat na balde ng tubig sa kalusugan. Ilan sa mga dulot nitong karamdaman ay ang pagkasira o pagbabagong porma ng mga buto.

***Pagkasira ng kalikasan.***
Hindi lamang ang kakulangan ng malinis na tubig ang sanhi ng kanilang suliranin kundi na rin ang pagkasira ng kanilang kapaligiran na siyang pumapanganib sa mga pinagkukunang tubig. Sa Brgy. Jose Abad Santos, Catarman malaking problema ang pagdumi ng mga ilog dulot ng walang tigil na pagtapon ng mga basura ng mga residente.

Bukod pa rito, dumurumi ang mga ilog na siyang pinagkukunang tubig dahil na rin sa lapit nito sa mga banyo o pinagtatapunang ng dumi ng tao.

***Mga proyektong hindi magamit***
Meroon din namang mga kaso na ang mga itinayong mapagkukunang tubig ngunit hindi magamit dahil sa maling disenyo. Isang halimbawa nito ay ang sistemang tubigan ng LAWAD sa Laoang, Northern Samar. Itinayo ang LAWAD noong 1984 ng dating Ministry of Public Works and Highways (MPWH) mula sa programang pampatubig ng Northern Samar Integrated Regional Development Program (NSRIDP) at embahada ng Australia. Hindi nagamit ang nasabing pasilidad dahil sa mababang lebel ng tubig na posibleng maangkat mula sa balong hinukay. Sa ganitong kalagayan, ang mga itinayong "pumping stations" at "power stations" para sa proyekto ay naiwang sira at hindi na posibleng magamit pa.

***Epekto sa bulsa***
Ang kawalan ng malapit na pinagkukunang tubig ay mayroong epekto sa kanilang kabuhayan. Karamihan sa mga pamilyang nakilahok sa pag-aaral ay mga maliliit na magbubukid na mayroon ding mga alagain hayop at halaman sa loob ng kanilang bakuran. Mahalaga sa pag-aalaga ng hayop at halaman ang pagkakaroon ng palagian na pinagkukunang tubig. Isang suliranin na kinakaharap ng mga pamilya ang pag-igib ng tubig mula sa malayong pinagkukunan para sa paglilinis ng mga koral, pampaligo ng mga hayop at pandilig sa mga halaman. Sa kaso ng Brgy.Lourdes, Navas kinakailangan lumakad ang mga residente ng tatlong kilometro papunta sa pinakamalapit na pinagkukunang tubig. Sa panahon ng tag-ulan kung saan madulas at maputik ang daan, inaabot sila ng tatlo o apat na oras sa paglalakad.

Gayundin, ang kawalan ng malinis na tubig pang-inom ay merong direktong epekto sa pananalapi. Ito ay dahil sa napipilitan ang mga pamilyang apektado na bumili ng tubig. Sa kaso ng Brgy. Unay ang isang balde ay nagkakahalaga ng PhP2.00 hanggang PhP4.00. Ibig sabihin nito, sa isang buwan gumagastos ang mga resident ng PhP60 hanggang PhP120 kung sila ay gumagamit ng isang balde sa bawat araw. Ito ay tumatayong 5 hanggang 9 porsyento ng karaniwang kita sa lugar na PhP1,000 kada buwan.

***Epekto sa buhay pansarili.***
Dahil sa nadaragdagan ang oras trabaho sa pag-angkat ng tubig nababawasan ang panahon para pahinga. Lalo na sa kalagayan ng mga kababaihan na bukod sa kanilang partisipasyon sa pag-angkat ng tubig sila rin ang gumaganap sa karamihan ng gawain bahay. At dahil kasangkapan ang tubig sa gawain bahay, malimit na ang mga babae na rin ang nag-iigib ng tubig.

----------o---------

## Panayam sa MTPDP at Sec. Neri ng NEDA

Idiniin ni NEDA Secretary Nerie ang kahalagahan ng pagtutulungan sa pagitan ng gobierno at civil society bilang susi sa paglaban sa kahirapan na kinakaharap ng bansa. Nabanggit ito ni Nerie sa isang pulong hinggil sa gutom na inilunsad ng PNLC sa Balay Kalinaw, UP noong 18 ng Oktubre.

Sa nasabing pulong nilatag ni Secretary Nerie ang pansamantalang MTPDP ng pamahalaang Arroyo sa harap ng iba't-ibang grupo ng mga NGOs at POs. Nakapaluob sa MTPDP ang mga pangunahing sektor na siyang bibigyang halaga ng bagong administrasyon.

Talamak sa nasabing MTPDP ang kakulangan ng suporta sa mga maliliit na magsasaka, lalung-lalo na sa usapaing repormang agrario at sekuridad sa pagkain. Gayundin, ang iminumungkahi ng MTPDP ay ang pagpapabilis ng liberalisasyon ng merkado na siyang tinutulan ng civil society at tinutukoy bilang hindi makamahirap.

Ang isang sektor na matingkad sa MTPDP ay ang pagmimina. At sa likod ng matinding pagbatikos ng mga kasapi ng civil society na makasisira ang pagmimina sa kalikasan, binigyan ng kasiguraduhan ni Secretary Nerie na makabagong teknolohiya ang gagamitin ng mga kumpanyang pagmimina kaya't hindi nito maisasalang-alang ang kalikasan. Idiin din ni Secretary Nerie na ang sektor ng pagmimina ay makapagbibigay ng malaking kita sa bansa kaya't hindi dapat baliwalain.

***Pagsasalo-salo sa pagdiriwang ng RW's Day***
Isang taon makalipas ang paglulunsad ng Rural Women's Congress, nagtipon-tipon muli ang hanay ng mga grupong kababaihan mula sa iba't ibang bahagi ng bansa noong Oktubre 15, 16 sa opisina ng PhilNet-RDI sa Quezon City.

Mayroong 25 na kababaihan ang dumalo. Sila ay mula sa MODE, PhilNET-RDI, CERD, PPI, Sarilaya, PEACE, Woman Health, PRRM, PBSP Bantangas, Daluyong, PAKISAMA/LAKAMBINI, KABAPA,PKSK.

Sa naganap na pagtitipon nagkaroon ng paglilinaw sa mga usapin ng pananaw ng samahan at sa kung papaano maibabahagi ang mga layunin ng samahan sa mga lokal na komunidad. Inaasahan ang pagbabahagi ng mga rekurso ng bawat isa sa iba pang myembro ng samahan bilang pagdaloy ng mga layunin ng grupo sa mga komunidad.

Gayundin, sa nasabing kumperensya naganap ang pagpaplano para sa malawakang selebrasyon ng RW's day para sa darating na taon. Idinaos ang malawakang RW Congress sa unang pagkakataon nuong nakaraang taon.

Noong Oktubre 17 nagbuo rin ng plano ng ang FIAN kung saan nagkaroon ng misa at programa para sa mga kababaihan sa kanayunan sa Raja Sulayman, Maynila. Nagdaos din ng kumperensya ang Department of Agriculture sa pagdiriwang ng RW's day. Sa kumperensya dumalo ang iba't ibang kawani ng gobyerno at mga NGOs at POs. Ilan sa mga ahensya na dumalo ay mula sa DA, DAR, DENR at National Commission on Indigenous Peoples. Nagbigay ng salita si DILG Undersecretary Margarita Cojuangco.

----------o---------

**Operation Kadamay I at II sa Bagyong Winnie at Yoyong**

**Nueva Ecija**

Dahil ginawang piyesta opisyal ang Nobyembre 29, Biyernes, sa halip na Nobyembre 30 para magkaroon ng *long week-end*, maagang nagsipasok sa opisina ang mga tao nuong Martes, Nobyembre 30. Kinabukasan, Disyesmbre 1, pumapatak pa rin ang ulan at ayon sa balita ay Signal No. 1 ng bagyong Winnie. Walang sa eskwela ang mga nasa mababang paaralan. Tulad ng karaniwang nangyayari, baha ang ilang kalye sa Maynila. Maaga rin pinauuwi ang mga tao.



Dumating sa opisina ng MODE ang balitang baha na sa Nueva Ecija at patuloy na tumataas ang



tubig. Marami ng sasakyan ang lumubog sa kalsada at walang magawa ang mga tao kundi umakyat sa ibabaw. Marami din ang bahay na inanod ng tubig. May mga trosong inaanod daw ng tubig. Dalawang branch ng New Rural Bank of San Leonardo (NRBSL) ang inabot ng baha, samantalang nasa unang hagdan na ang tubig sa *main branch* sa harap ng highway. Samantala, kumalat naman ang balitang paparating na bagyong Yoyong, higit daw itong malakas kaysa Winnie. Ayon sa balita, higit na malala ang inabot ng Infanta at Real.

Ayon sa NRBSL, marami na daw ang nagugutom na tao sa Nueva Ecija dahil gabi nang lumaki ang tubig. Gagawing evacuation center ng NRBSL staff ang compound ng PRRM kung kakailanganin.

Tinatayang mahigit 7,050 ang kagyat na nangangailangan ng tulong. 25 barangay sa Cabanatuan City; 9 sa Sta. Rosa; 6 sa Galbaldon, 2 sa San Leonardo at di malamang bilang sa Dingalan, Aurora.

Agad na nagpatawag ng pulong ang MODE sa ilang NGO na inaakalang maaaring makapagbigay ng tulong sa umaga ng Disyembre 2. Pansamantalang ginawang Relief Center and opisina ng MODE. Nanawagan sa pamamagitan ng e-mail at text messages na tumatanggap ng tulong para sa nabiktima ng bagyo. Marami ang nagpadala ng lumang damit, de-lata at instant noodles. Humingi rin ng tulong sa military (NCR Command) kung puwedeng magpahiram ng trak na makapaghahatid ng relief goods.

Mabilis ang mga pagtugon, agad nangako ang Inter Church Cooperation for Development o ICCO na magpapadala sila ng tulong. Nagpaluwal naman ang iba't ibang NGO para makabili agad ng mga pangangailangan.

Tatlong araw na paghahanda, kasama na pamamahagi na ginawa sa pagtugon sa sinalanta ng bagyo sa Nueva Ecija. Mahigit sa 8,000 katao ang nabigyan ng tulong. Nagawa ito sa pangunguna ng MODE at NRBSL.

Sa Infanta naman, anim na barangay ang nabigyan ng tulong. Ito ang barangay Luwal, Ilog, Poblacion Bantilan, Boboin at Libjo. Isusunod naman ang Medical Mission para sa lugar.

Mahaba ang listahan ng nagbigay ng tulong, mga NGO, kamag-anak at kaibigan ng mga taga-NGO at ang NCR Command at DND sa pangunguna ni Maj. Gen. Allan Cabalquinto, Dir. Horacio Gonzalez at Lt. Col. Tabangcura. Sa lahat, nagpapasalamat ng pamunuan at staff ng MODE.

----------o---------

## Operation Kadamay I at II Pictures


















"Operation Kadamay II"
MODE * WISE-ACT * NRBSL * ELF















----------o---------

## SINO BA ANG SARILAYA? ANU-ANO ANG MGA GAWAIN NITO?

Una sa lahat, ang KASARIAN-KALAYAAN o SARILAYA ay isang organisasyon o People's Organization (PO) at hindi NGO. Itinatag ito sa Quezon City noong Mayo 29, 1994 ng ilang kababaihang lumaban para sa pambansang demokrasya noong panahon ng diktadurya ni Marcos. Mula sa mga 100 na unang kasapi na galing sa iba't ibang NGOs at POs, nadagdagan ito ng mga miyembro mula mga komunidad , paaralan at maging mula sa hanay ng mga propesyonal na kababaihan. Sa kasalukuyan, may mga miyembro na ito sa National Capital Region, La Union, Nueva Ecija, Tarlac, Bulacan, Cavite, Visayas at Mindanao. Bukod rito, may umpluwensiya ang Sarilaya sa 10 barangay na katatagpuan ng ilang proyektong pangkaunlaran.

Layunin ng SARILAYA na makaambag sa mga pagsisikap para ma-organisa at mabigyang kapangyarihan ang kababaihan . Tunguhin nito ang pagtatayo ng isang malawak na eko-peministang kilusan na may pagpapahalaga sa kalikasan at ipinaglalaban ang panlipunang pagkapantay-pantay. Nagsisikap itong isagawa ng SARILAYA sa pamamagitan ng dalawang paraan: 1) paglulunsad ng mga konkreto at naipagpapatuloy o sustenableng proyekto sa komunidad na tumutugon sa mga problema ng kababaihan at 2) pagpapalaganap ng usaping pangkaunlaran para sa kababaihan.

Magkatuwang na problema ng pagiging babae at pagiging isang mahirap na mamamayan sa isang atrasadong bansa ang nilalaman ng mga adbokasiya ng SARILAYA. Aktibo nitong isinusulong ang mga karapatan ng kababaihan sa lahat ng aspeto ng kanilang buhay. Kasama na rito ang karapatang mapanghawakan ang sarili nyang sekswalidad. Kasali ito sa iba't ibang alyansa at koalisyon tulad ng : Kilos Kabaro (KK2), Sibol, Rural Women Congress , Women Working Together To Stop Violence Against Women, Philippine Alliance Of Human Rights Advocates (PAHRA), Freedom From Debt Coalition (FDC), Partnership For Agrarian Reform And Rural Development Services (PARRDS), People's Legislative Advocacy Network (PLAN), Task Force Local Sectoral Representation , Task Force Safe And Affordable Medicine, Education Network at maging sa Social Watch.

At kamakailan lamang, sa tulong ng CORDAID (isang funding partner mula sa Netherlands) inorganisa ng SARILAYA ang isang konsultasyon ng iba't ibang NGO na tumutulong sa mga napagsasamantalahang hanay ng lipunan (vulnerable sectors) tulad ng mga batang lansangan, batang inaabuso at hanay ng nakatatanda.

Ang usaping pangkaunlaran ng SARILAYA ay pumapatungkol sa mga sumusunod na usapin mula sa isang pananaw na nakabatay sa karapatang pantao (rights-based perspective):

- Holistic Health Care & Development
- Sustainable Agriculture and Environmental Development
- Livelihood and Enterprise Development
- Liberating Education and Capability Building at
- Good Governance

Sinasabayan ng SARILAYA ang mga pagsisikap sa pambansang antas sa lokal na antas. Nagpapapunlad ito ng mga lider-kababaihan sa lokalidad para mapamunuan ng mga ito ang kani-kanilang organisasyon.

### PANGANGALAGA SA KALUSUGAN

Sa kasalukuyan, ang SARILAYA ay may itinayong siyam na Botika na pinapatakbo ng ka-partner nitong lokal na organisasyon ng kababaihan: isa sa Nueva Ecija, sa Tarlac.

Sa Antipolo, sa Sapang Palay, dalawa sa GMA, Cavite , at tatlo sa La Union. Naging katuwang dito ng SARILAYA ang BOTIKA BINHI, isang NGO na lisensyado ng DOH para magbenta ng *generic medicines*. Sa pamamagitan ng mga botikang ito, nagagawang konkreto ng SARILAYA ang adbokasiya nito para sa ligtas at abot-kayang halaga ng mga gamot. Magiging tuntungan din ito para sa isang *community-managed health care program* na magsisikap ipagsanib ang mga positibong katangian ng *Western medicine* sa mahuhusay na praktika ng *Oriental medicine*. Ang INAM naman o *Integrative Medicine For Alternative Healthcare Systems* ang magiging kapartner ng SARILAYA sa layuning ito.

Nakiki-network ang SARILAYA sa iba pang PO at NGO para sa ikabubuti ng kanyang mga miembro at pinaglilingkurang mga kominidad. Isang halimbawa nito ang katatapos pa lamang na *medical mission* noong Sept. 26 sa Brgy. Pulido, GMA, Cavite sa tulong ng INAM. Halos 200 ang napaglingkuran nuong araw na iyon. May mga naunang *medical missions* na LIKHAAN naman ang tumulong para maidaos ang serbisyong ito.

At dahil mahalaga ang pangkabuoan, at hindi lamang pisikal na kalusugan , nagtayo ang SARILAYA ng isang *pranic healing center* sa tabi ng opisina nito. Marami-rami na rin ang mga miembro ng SARILAYA na may kakayahang manggamot ng mga karamdamang hindi lamang pisikal ang pinagmulan ng sakit. Malaki ang naitulong ng *World Pranic Healing Foundation* ni Master Choa Kok Sui sa proyektong ito.

**SUSTAINABLE AGRICULTURE**

Mayroong sinimulan na *organic farm* ang SARILAYA sa Nueva Ecija sa pamamagitan ng lokal na organisyon ng kababaihan doon , ang *IMELDA VALLEY LIVELIHOOD ASSOCIATION OF WOMEN* o ILAW . Dati , iisang klase ng gulay ang itinatanim ng mga taga ILAW, ngayon ay lima hanggang walong klase na ; dati, minsan sa isang taon lang sila kung umani, ngayon ay dalawang beses na; dati, puro *chemical fertilizers* ang gamit nila, ngayon ay *organic fertilizers* na. Tinutulungan ng SARILAYA ang mga taga-ILAW di lamang sa pamamagitan ng panimulang puhunan kundi pati sa mga pag-aaral at mayroon ding itinalagang *technical adviser*. Balak ng SARILAYA na padamihin ang mga kalahok sa proyektong ito hindi lamang sa barangay na ito kundi pati sa ibang kanayunan tulad ng Tarlac at La Union.

**ENTERPRISE DEVELOPMENT**

Sa Calayan, Gerona, Tarlac naman nagsimula ng isang proyektong pangkabuhayan ang SARILAYA . Tinulungan nito ang KASAMACA o KABABAIHANG SAMASAMANG MAGPAPAUNLAD SA CALAYAAN na matutong gumawa ng Lagundi syrup at herbal soap na siyang pinagmumulan ngayon ng pondo ng kanilang samahan. Kahit ang mga Botikang itinayo nito ay isa ring pagsisikap na madagdagan ang kita ng kababaihan at kanilang PO.

**LIBERATING EDUCATION AND CAPABILITY BUILDING**

Upang maging epektibo ang gawaing adbokasya, ang SARILAYA ay nagbibigay ng mga pagsasanay sa pamumuno, values formation at maiikling talakayan sa ibat ibang isyu. Madalas itong kunin ng ibat ibang PO at NGO bilang tagapagsanay sa GST, GAD at GAD Mainstreaming .. May module ito on GST, Voter's Education for Women at Good Governance na kaya nang talakayin ng mga miembrong mula sa lokalidad.. Kamakailan lang nagbigay naman ang SARILAYA ng mga pag-aaral tungkol sa GAD Plan at GAD Budget pati na ang bagong kapapasang Anti-Violence Against Women and Their Children Act.

Sa tulong naman ng Reproductive Rights Resource Group, nakapagdaos ng mga pag-aaral tungkol sa karapatang pangkalusugan at sekswalidad (SR/HR). Madalas ding maglunsad ng GST ang SARILAYA at sinisikap na magdaos din nito para sa mga kalalakihan .

Aktibo din ang SARILAYA sa paghuhubog ng kaisipan ng kabataan sa pamamagitan ng pagtulong nito sa tatlong day care centers na naitayo sa tulong ng AKBAYAN. . Nariyan ang mga pagsasanay para mahasa ang mga day care teachers sa wastong paraan ng pagtuturo at ang pagtiyak na hindi lamang child friendly kundi gender at ecology friendly ang curriculum na susundin sa pagtuturo. May taunang pakikipagtulungan ito sa Amnesty International-Pilipinas para naman sa pagmumulat sa mga teenagers na anak ng mga miembro nito tungkol sa mga karapatang pantao.

**GOOD GOVERNANCE**

Mahalaga para sa SARILAYA ang usapin ng paggogobyerno. Sa kabila ng katotohanang 13 taon na ang Local Government Code , di pa rin lubusang nakakalahok ang mga PO, laluna ang kababaihan, sa lokal na pamamahala . Halos 10 taon na rin ang batas tungkol sa GAD BUDGET pero marami pa ring opisyales ng barangay ang walang kamuwang-muwang tungkol dito. Kaya naman aktibong lumalahok ang SARILAYA sa pagsusulong ng batas para sa lokal na representasyon (LSR) at nagsisiskap na maging bahagi o makaimpluwensya ng mga barangay councils. Nito lamang Oct. 17 ay tumulong ang SARILAYA members ng San Martin II, Sapang Palay sa kanilang barangay council para maipasok sa budget ng barangay ang ilang mahahahalagang usaping nakakaapekto sa kababaihan tulad ng drug addiction at karahasan laban sa kababaihan .

May mga miembro na rin ito na tumakbo sa nakaraang lokal na halalan at ilan sa kanila ay nanalo: si Maxima Valdez ay kasalukuyang kagawad sa Sta. Barbara,Victoria, Tarlac samantalang si Myrna Flores naman ay kagawad din doon naman sa Banadero, Tanauan, Batangas.

----------o---------

## Beijing Platform of Action

**Beijing Platform of Action+10**: Ano na ang naging pag-unlad ng kababaihan pagkatapos ng sampung taon?

Noong 1995, ang Katipunan ng Nagkakaisang mga Bansa (UN) ay naglunsad ng Ikaapat na Kumperensya at naglabas ng isang dokumento na tinaguriang Beijing Platform of Action (BPFA). Ang BPFA ay isang makabuluhan at napapanahong kasunduan. Nagtukoy ito nang maraming mahahalagang hakbang ng mga pamahalaan, nang UN mismo at ang mga organisadong mamamayan ng mga bansa upang umunlad ang pagkakapantay-pantay batay sa kasarian, tanggalin ang lahat ng hadlang tungo sa pag-unlad ng kababaihan at isulong ang karapatan ng kababaihan bilang karapatang pantao.

Ang BPFA ay may inilatag na labin-dalawang kritikal na usapin:

1. Kahirapan
2. Edukasyon
3. Kalusugan
4. Karahasan
5. Armadong Paglalaban-laban
6. Ekonomiya
7. Mga Kababaihan sa Posisyon ng Pagpapasya
8. Pamahalaan, legal at iba pang institusyon
9. Karapatan ng Kababaihan
10. Media
11. Kalikasan
12. Kababaihang Bata

Noong Hunyo 2000, nag-organisa ng isang pulong sa New York ang United Nations upang magbalik-tanaw ang mga pamahalaan at tingnan kung ano ang nangyari sa BPFA pagkatapos ng limang taon.

Ang dokumentong inilabas ng UN sa pulong na ito ay ang Beijing+5 Outcomes Document. Natuklasan sa pulong na sa kabuuan, karamihan ng mga napagkasunduang komitment ng mga bansa sa ilalim ng BPFA ay hindi naipatupad. Kasabay nito, may mga bagong mga usaping tumitingkad gaya ng pagkilala sa panggagahasa sa panahon ng digmaan bilang isang krimeng pangdigmaan.

Sa kasalukuyan, ang UN ay nananawagan sa lahat ng pamahalaan sa mundo na dumalo sa pulong ng Komisyon Hinggil sa Estado ng Kababaihan sa New York na gaganapin ngayong Marso 2005.

Bilang paghahanda sa pulong na ito, ay naglunsad ng isang ASIA-PACIFIC NGO FORUM ON BEIJING+10 noong Hunyo 30 – Hulyo 3, 2004 sa Mahidol University, Salaya Campus, Nakornpathom, Thailand. Mahigit sa 700 delegado mula sa 47 bansa sa ASIA-PACIFICO, kasama na ang maraming delegado mula sa Pilipinas ang dumalo sa pulong na ito.

Isa sa mga grupong nag-organisa ng workshop ay nagmula sa hanay ng NGO na naglilingkod sa mga kababaihan sa kanayunan at kalungsuran sa Pilipinas. Ito ay pinangunahan ng mga delegado mula sa WISE-ACT (Women's Institute for Sustainable Economic Action), MODE ( Management and Organizational Development for Empowerment, Rural Women Congress (RWC) at ZOTO (Samahan ng Mamamayan-Zone One Tondo Organization). Kasama ring nag-sponsor ang SEACON (Southeast Asia Council on Food Security and Fair Trade) at ang WARI ( Women's Action and Resource Initiative), isang NGO sa Thailand. Mula sa mga grupong ito ay nakadalo mula sa Thailand sina Darunee Tantiviramanond, Ing Thawaisin, Phosop Pho - bupha, Thongdee Photinyong, Roi Sihapnung. Sa bahagi nang Pilipinas ay nakadalo sina Ulpiana Libutan, Renie T. Balaquiao, Rasma Ampuan, Daryl Leyesa, Jocelyn Cajiuat, Zone Narito, Agnes Ilagan, Patricia Fe Gonzales, Aurora Regalado at Vivian Galvez. Naging malinaw sa palihan at bahaginan ng mga delegado ang nananatiling mahirap at nakalulunos na kalagayan ng mga kababaihan sa kanayunan at kalungsuran.

Maraming mga palihan ang isinagawa batay sa mga tema ng Beijing Platform of Action. Nagkasundo ang lahat nang delegado na maglabas ng isang nagkakaisang pahayag ang forum. Ang pahayag ay siyang magiging kontribusyon ng forum sa pandaigdigang pagtatasa ng BPFA sa ika-49 na pulong ng UN Commission on the Status of Women na gaganapin sa New York sa Marso 2005. Ipinakita ng pahayag ang maraming pag-unlad na naganap pagkatapos nang pagtatasang ginawa sa proseso ng Beijing+5 sa Asia-Pasipiko. Pinakamatingkad dito ay ang pormulasyon ng mga pambansang patakaran, batas at mga programa upang maipalaganap ang pagkakapantay-pantay batay sa kasarian. Ipinakita rin ng pahayag ang pangangailangang palakasin ang mga makinarya ng kababaihan , pagpapalaki ng mga rekursong ilalaan sa kababaihan at ang paglikha ng mga oportunidad tungo sa pag-unlad ng kababaihan.

Sa kasalukuyan dito sa Pilipinas, may lumalargang proseso ng mga konsultasyon upang muling magsagawa ng ALTERNATIBONG ULAT ang mga NGO at PO na itatapat sa ulat ng pamahalaan. Maganda kung tayong lahat ay magkaroon ng pagkakataong magpahayag ng ating kalagayan at mga rekomendasyon tungo sa pagbabago, at maimpluwensyahan ang proseso ng mga isasagawang pulong at kasunduan ng mga bansa sa New York.

Mahalaga ang nagkakaisang pagkilos ng mga kababaihan sa pandaigdigang saklaw dahilan sa tumitinding lakas ng mga konserbatibong pwersa na kinakatawan ng pangulo ng Estados Unidos na si George Bush Jr. ***(PCG)*** ----o----

## Kababaihan para sa kaunlaran

Isa sa mga komunidad na tinutulungan ng SARILAYA ay ang Barangay Calayaan, Gerona, Tarlac. Ito ay matatagpuan 10 kilometro mula sa Tarlac City. Nahahati sa 7 Purok ang Barangay Calayaan kung saan matatagpuan ang humigit kumulang sa 400 na kabahayan at mahigit 2000 katao na bumubuo ng populasyon ng nasabing komunidad.

Pagsasaka ang pangunahing ikinabubuhay ng mga tao sa komunidad. Palay ang pangunahin nilang produkto at dahil sa walang irigasyon, isang beses lang silang nakapagtatanim. May mga ilang malapit sa mga sapa at ilang may mga palaisdaan na nakakapag-second cropping sa pamamagitan ng paggamit ng generator sa pagpapatubig ng kanilang mga bukirin. Maliban sa palay, ang mga magsasaka sa Brgy. Calayaan ay marami ring mga pananim na sari-saring gulay katulad ng talong, ampalaya, kamatis, okra, sitaw, kamote, kamoteng-kahoy, gabi, kalabasa, mongo, atbp. Sagana din ang komunidad sa ibat-ibang prutas katulad ng mangga, sinegwelas, kaimito, kamatsile, bayabas, duhat, saging, papaya at iba pa.

Bagamat karamihan sa mga magsasaka sa Brgy. Calayaan ay may sariling sinasaka, ito ay maliliit at hindi sumasapat ang kinikita para matugunan ang kanilang mga pang-araw-araw na pangangailangan. May mga ilang kasong agraryo pero ito ay iilan lamang. Ayon sa nakuhang datos ng mga estudyante ng Polytechnic University of the Philippines (PUP) na nagsagawa ng Barangay Profile mahigit isang taon na ang nakakalipas, wala pang 10 ang propesyunal sa komunidad. Karamihan ay nakatapos lamang ng high school at may ilan ding nakatapos ng vocational. Karamihan sa mga kabataang lalaki ay namamasada ng tricycle o namamasukan sa ibang lugar upang madagdagan ang kita ng pamilya. Karaniwan na sa mga kababaihan ang pagtitinda ng kanilang mga produktong gulay at prutas sa pamilihang bayan ng Tarlac City.

Kapansin-pansin ang kahirapan ng buhay sa Brgy. Calayaan lalo na sa panahon ng tag-init. Maliban sa mga prutas at ilang tanim na gulay na itinitinda nila sa palengke sa Tarlac City, wala ng ibang pinagkakakitaan sa panahon ng tag-araw. Pati mga fishponds gayundin ang ilang mga poso na pinagkukunan ng mga tao ng kanilang inumin ay natutuyuan kapag mahaba-haba ang tag-init. Ayon sa datos ng Barangay, ang karaniwang kinikita ng 1 pamilya sa komunidad ay umaabot lamang sa P1,500-P2,000.

Malaki ang papel at kontribusyon ng mga kababaihan sa produksyon at sa kabuuang kabuhayan ng kanilang pamilya. Karaniwan nang ang mga kababaihan ang nagtatanim ng mga gulay at prutas at nag-aalaga ng mga manok at baboy sa kanilang bakuran na malaking tulong sa kanilang pamilya lalo na sa panahon ng tag-init. Katulong din sila ng kanilang mga asawa sa panahon ng taniman at anihan ng palay. Maliban sa kanilang sariling sakahan, sila ay nakikisaka at nakikigapas rin sa panahon ng anihan sa kung sino ang may patanim at pagapas sa kanilang lugar.

Ganito ang sitwasyon sa Brgy. Calayaan ng magdesisyon ang Sarilaya na gawin itong isa sa mga pilot areas nito noong 1999. Nakatayo na ang tsapter ng SINTA (Sama-samang Ina ng Tahanan, isang organisasyong pangkababaihan sa Tarlac) sa Brgy. Calayaan nang magsimula ang proyekto ng Sarilaya na Botika ng Kababaihan. Dahil na din sa kalayuan ng Barangay sa kabayanan at sa siyudad ng Tarlac, nakita ang pangangailangan na magkaroon ng malapit na bilihan ng gamot sa Barangay. Sa tulong ng Botika Binhi, isang NGO na kinikilala ng Department of Health, at ng mga miyembro ng SINTA sa Barangay Calayaan, naitayo ang Botika ng Kababaihan noong 2000.

Sa pangunguna ni Tita Castro, miyembro ng Sarilaya at community organizer/ lider ng SINTA sa nasabing Barangay, naging maayos ang takbo ng Botika ng Kababaihan sa lugar at ito ay nakatulong ng malaki sa mga tao sa komunidad hindi lamang sa pagkakaroon ng malapit na bilihan ng gamot kundi di hamak na mura ang mga gamot na ipinagbibili sa Botika ng Kababaihan.

Taong 2003 nang lumala ang di pagkakaunawaan sa pagitan ng Presidente ng SINTA chapter sa Brgy. Calayaan at ng Community Organizer/Leader at ilang mga miyembro ng samahan. Sinikap ng Sarilaya na mamagitan at ayusin ang di pagkakaunawaan sa dalawang panig ngunit matindi na ang alitan at samaan ng loob ng magkabilang panig. Dahilan sa di na malusog ang sitwasyon na buuin pa silang muli, nahati ang organisasyon ng kababaihan. Napagpasyahan ng Community Organizer/ Leader at ng mga kasamahan niya sa Botika na magtayo ng bagong samahan ng mga kababaihan.

Dahil sa kaguluhang nangyari sa SINTA, napagpasyahang pansamantalang isara ang Botika ng Kababaihan. Pagkatapos ayusin ang mga record sa pinansya, ibinalik sa mga miyembro ang kanilang mga membership fees at buwanang butaw. Hinati-hati ang kita ng botika sa loob ng 3 taon sa lahat ng kasapi. Napagkaisahan din na kung sino ang unang makakapag-sumite ng mga kailangan para sa muling pagtatayo ng Botika, siya ang kikilalanin ng Botika Binhi bilang lehitimong outlet. Sa pagmamaniobra ng presidente ng SINTA at dahil na din sa sistemang palakasan sa kapitan ng Barangay, nakakuha kaagad ng Barangay Permit ang SINTA para sa muling pagbubukas ng Botika. Dahil dito, napagpasyahan ng Sarilaya na putulin ang ugnayan sa SINTA at kilalanin at suportahan ang bagong samahang itinatatag ng Community Organizer at mga kababaihang tumiwalag sa SINTA.

Isinilang ang KASAMA-CA (Kababaihan Samasamang Magpapaunlad sa Calayaan) noong Agosto 20, 2003. Binubuo ng 21 na kababaihan, sinikap nilang bumangon mula sa masalimuot na problema sa dati nilang samahan. Ang di magandang karanasan sa dati nilang samahan ay hindi nakasira sa kanilang loob at bagkus ay nagsilbi itong hamon sa kanila na muling magtatag ng panibagong samahan at magorganisa ng iba pang mga kababaihan sa kanilang lugar. Nairehistro sa Bureau of Rural Women noong Pebrero, 2004 ang kanilang samahan.

Bagamat mabigat sa kanilang loob ang pagkakawala ng kanilang botika, sinikap nilang magtayo ng ibang proyekto. Sa pamamagitan ng Sarilaya, at sa tulong pinansyal ng MCF, isang funding agency sa Netherlands, sila ay nabigyan ng pagsasanay at panimulang kapital sa paggawa ng Lagundi Syrup, Acapulco Ointment at Herbal Soap noong Abril 2004. Nabuhayan ng loob ang mga kababaihang kasapi ng KASAMA-CA at naging masigla ang kanilang organisasyon.

Nagtalaga sila ng araw ng produksyon ng sabon at halamang gamot. Madali nilang natutunan ang teknolohiya ng paggawa ng sabon pero medyo palpak ang unang gawa nilang Lagundi Syrup na tumigas dahil sa sobrang pagkakaluto ng syrup. Hindi sila pinanghinaan ng loob. Itinuloy nila ang paggawa hanggang sa maperpekto nila ang teknolohiya.

Sa kasalukuyan, umabot na sa humigitkumulang 1,000 ang nagawa at naibenta nilang sabon. Ibat-ibang uri na ng sabon ang kanilang ginagawa sa ngayon: Kalamansi, Kamias, Pipino, Bayabas, Papaya, Acapulco. Tuloy-tuloy din ang paggawa at pagbebenta nila ng Lagundi Syrup at Acapulco Ointment.

Bagamat maliit pa ang kanilang produksyon at maliit pa din ang kanilang kinikita sa ngayon, maganda ang hinaharap ng kanilang proyekto. Sa tulong ng iba pang mga Botika ng

Kababaihan sa ilalim ng Sarilaya at ng iba pang mga NGOs at POs na kaugnay ng Sarilaya, papalaki at lumalawak ang market ng KASAMA-CA.

Maliban sa kita nila sa sabon, lagundi syrup at Acapulco ointment, ang mga miyembro ng samahan ay kumikita din sa pamamagitan ng pagbibigay ng kanilang panahon sa produksyon. Sa bawat isang piraso ng sabon na kanilang ginawa, may piso (Php 1.00) na bayad sa labor ng mga tumulong sa produksyon. May bayad ding piso bawat isang sabon sa pagbabalot (wrapping). Maaari ding kumita ang miyembro ng samahan sa pamamagitan ng pagbebenta ng kanilang produkto. Bilang miyembro ng samahan, makukuha nila ang sabon sa mas mababang halaga lalo na kung maramihan (Php 15.00/pc) at ito ay puede nilang ibenta sa halagang Php17 hanggang Php20.

Sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga pribilehiyo sa mga kasapi ng samahan, nahihikayat ang bawat isa na maging aktibo sa mga gawain ng organisasyon. Sa kasalukuyan, 31 kababaihan na ang kasapian nito.
Nasa proseso na ng pagtatransporma ang proyekto bilang isang kooperatiba at inaasahan na lalo pang sisigla at lalakas ang KASAMA-CA.

Maliban sa produksyon ng herbal soap, lagundi syrup at Acapulco ointment, sinimulan na din ng KASAMA-CA ang kanilang cooperative store at naghahanda na rin sila sa muling pagtatayo ng sarili nilang Botika ng Kababaihan.

Samantala, ang Sarilaya ay patuloy sa pagtulong sa kanilang samahan sa pamamagitan ng mga pagbibigay ng ibat-ibang pagsasanay (Sexual and Reproductive Health Rights, Enterprise Development, Financial Management, Leadership Training, etc.) na makakatulong sa kanila para sa maayos na pagpapatakbo ng kanilang organisasyon at proyekto.

Pinatunayan ng mga kababaihan ng KASAMA-CA na kaya nilang pangibabawan ang kanilang mga naging kahinaan, magkaisa at magtulong-tulong sa pagpapaunlad ng kanilang mga sarili at ng kanilang komunidad. ***(ZSM)***

----------o---------

## MGA HAMON SA PAGPAPATUPAD NG ANTI-VIOLENCE AGAINST WOMEN AND THEIR CHILDREN ACT

Limang buwan nang nakapisan si Teresa sa kanyang kapatid kasama ang tatlong maliliit pa niyang anak; naiwan ang kanyang 15 anyos na panganay.. Hindi na kasi niya matiis ang pananakit na ginagawa ng asawang si Martin. Wala din kasing ginawang aksyon ang kanilang barangay pagkat ito raw ay usaping mag-asawa; di dapat pakialaman ng iba.

Nitong kalagitnaan ng Oktubre, dinalaw niya ang kanyang panganay . Babae ito at nagdadalaga na. Nag-aalala siya sa kaligtasan nito dahil drug addict ang ama. Hindi niya inaasahang mangyayaring muli ang dahilan ng kanyang pagbukod ng tirahan. Pero muli siyang sinaktan ng kanyang asawa nang wala siyang maiabot na pera. Usapan naman kasi nila ng kanyang anak, hindi na siya magiiwan ng pera; siya na lang ang magbabayad ng kuryente't tubig. Gasino na lang naman ang kinikita niya bilang katulong. Di na niya mabilang kung pang ilang beses na siya binugbog ni Martin. At ngayong minartilyo pa ang kanyang hita, nagdidisyon na siyang magdemanda.

Nagpamediko legal siya noong mismong araw na iyon para may katibayan sa pagsasampa ng kaso. Sabi kasi ng kanyang mga kapitbahay na miembro ng isang organisasyon ng kababaihan, may bagong batas na makaktulong sa kanya: ang Anti-Violence Against Women And Their Children Act VAWC. Bakit nga ba siya at ang mga bata ang kinailangang umalis ng bahay? Bakit nga ba siya ang lumalabas na kahiya-hiya gayong siya na itong nagtiis ng pambubugbog?

Sinamahan siya ni Upeng, isa sa mga aktibong membro ng organisasyon ng kababaihan sa kanila, sa fiscal para magsampa ng kaso. Kaso, sabi ng fiscal, P4,000 ang docket o filing fee na kanyang kailangang bayaran. Saan naman siya kukuha ng ganoong halaga? At bakit siya ang kailangang magbayad gayong siya na nga itong sinasaktan?

Nagpunta sina Teresa at Upeng sa opisina ng SARILAYA kung saan binigyan sila ng kopya ng batas at pinaliwanagan tungkol sa mga pangunahing punto nito. Ayon sa bagong batas na ito, di na kailangang magbayad ng filing fee. At may mga abugadang may malasakit sa mahihirap tulad ng Womenlead at Women's Legal Bureau na handang tumulong nang walang bayad. Pwede ring magpa counseling sa Women's Crisis Center na nasa ikapitong palapag ng East Avenue Hospital sa Quezon City.

Subalit nakiusap ang ina ni Teresa …..huwag na raw magsampa ng kaso para walang gulo. …ipasa Diyos na lang daw ang mga pangyayari!

Ang kuwento ni Teresa ay isa lamang sa maraming kasong nakakaharap di lamang ng SARILAYA kundi pati ng ibang organisasyong kumikilos para sa pagbabago ng lipunan. Ayon sa PNP report, ——ang kaso ng pangaabuso laban sa kababaihan na naireport sa kanila ng unang bahagi ng 2003; karamihan dito ay pambubugbog ng asawa. o kinakasama.

Sa wakas ay mayroon ng batas , RA 9262, na siyang magagamit para mabawasan na ang ganitong mga pang-aabuso sa kababaihan. Tatlong hamon ang kinakaharap nating mga nais tumulong para maganap ang pagbabagong ito:

Una ay ang maintindihan natin mismo ang lahat ng nilalaman ng bagong batas na ito; Pangalawa ay puspusan natin itong maipalaganp sa mga organisasyong ating tinutulungan, laluna sa mga kababaihan. At pangatlo, maipaintindi ito sa mga nagpapatupad ng batas sa lokalidad at makuha ang kanilang suporta sa epektibo at mabilisang pagtitiyak sa kaligtasan ng mga naaabusong kabaihan at babaeng kabataan..

----------o---------



## Ang Implementation ng WESAMAR: Pakikibahagi ng mga NGO's

### Pag-aaral ng Programang WESAMAR

Ang WESAMAR ay isang programang nakakuha ng pondo mula sa Official Development Assistance (ODA) ng European Commission (EC). Isa rin ito sa mga anim na kasong pinag-aralan ng grupong ODA WATCH. At sa katatapos na pag-aaral, lumabas ang ibat-ibang epekto ng pagsasalimbayan ng ibat-ibang salik ng pagpapatakbo ng isang programa at mga proyekto, gaya ng sa WESAMAR.

Isinagawa ni Joven Descanzo (isang guro ng sosyolohiya sa Unibersidad ng Pilipinas) ang pag-aaral hinggil sa implementasyon ng WESAMAR para sa ODA WATCH. Sinumulan ito nuong Marso 2004 at natapos nuong Setyembre 2004. Maliban sa benepisyo ng pagkuha ng mga datos mula sa ibat-ibang sektor (kagaya ng mga POs, NGOs at ahensiya ng Gobyerno) na nagsasagawa ng implementasyon, karagdagang kaalaman din ang mga pagkakaroon ng elemento ng muling pagtanaw sa mga naranasang tagumpay at pagkabigo sa pagsasagawa ng ganitong uri ng programa.

Paano nakatulong (o nakasagabal) ang pagpasok ng mga NGOs sa mga programa at proyektong pinopondohan ng ODA sa layunin na mapalakas ang kakayahan ng mga komunidad sa kanayunan at sa pagkakaroon ng tunay na pag-unlad. Isa ito sa mga mahahalgang katanungan ni Descanzo.

Natalakay din sa pag-aaral ang ibat-ibang usapin tungkol sa mga NGO's at ODA . Halimbawa, ginagawa lamang ba na instrumento ng estado ang mga NGO sa pagsasagawa ng mg programa at proyektong galing sa ODA? Sa kabilang panig, may mga pananaw din naman na itinuturing ang mga NGOs na partner ng ibang sector(mula sa pagiging taga-pagbigay ng serbisyo, taga-puna sa polisiya at partner sa pagdidisenyo ng programa) upang makita ang mga kahinaan, kalakasan at mga puwang kung saan pa dapat mapapalakas ng kakayahan ang mga NGO's.

Dahil tumitingin ang pag-aaral sa konteksto ng implementasyon — tinalakay din ang mga layunin ng programang WESAMAR at mga salik na gumabay at naka-apekto sa implementasyon nito. Nasilip din ang resulta nito sa pananaw ng iba't-ibang stakeholders, kasama na ang pagtingin ng mga POs, NGOs, mga nangasiwa at tuwirang namahala ng programang, at maging ang mga consultant na nagbigay ng panlabas na pagsusuri (o external review) sa kalagitnaan at pagtatapos ng programa.

Tinapos ni Descanzo ang kanyang ulat sa pagbibigay ng mga konklusyon ng dynamics ng pagpasok at pakikibahagi ng mga NGOs sa WESAMAR.

**Ano nga ba ang WESAMAR?**

Kaugnay ang WESAMAR ng Samar Island Development Program (SIDP) na nagsimula noong 1990. Noong 1991 lumagda ang Department of Agriculture at European Commission upang masimulan ang WESAMAR. Sa panahon ding iyon, agad na naging aktibo ang mga NGO's sa WESAMAR at pinuna ang mga kahinaan ng disenyo ng programa. Sabi nga sa ulat ni Descanzo: *"NGOs had criticized the proposal for the inadequate local consultation during its preparation, its lack of coherent development strategy and its emphasis on extractive rural enterprise."* (Pinuna ng mga NGO ang mungkahi dahil sa kakulangan ng konsultasyon sa panahon ng paghahanda, sa kakulangan ng maayos na pamamaraan ng pagunlad at ang diin nito sa hiwalay na pagkanayunang negosyo).

Dahil sa puspusang kampanya ng maraming NGOs — nakapagposisyon sila ng kanilang mga istratehiya at proseso sa pagpapahusay ng disenyo ng programa at maging ang pagbibigay ng malaking puwang sa pakikilahok ng mga NGO's sa ibat-ibang antas ng implementasyon ng programa. Dagdag pa dito, nagkaroon din ng partikular na kiling o pabor sa pagpili ng NGO's — dapat ay NGO na talagang nakabase at may operasyon sa Samar. Matapos ang mga pagsisimulang proseso, nailunsad ang Western Samar Agricultural Resources and Develoment Program (WESAMAR) na pinaglaanan ng pondong ECU 15 milyon. Malawak ang pag-asam at mataas ang pag-asa ng mga taga Samar sa maitutulong ng programa sa Samar. Lalo na at ito ay may tahasang paglayo sa sinasabing, *"traditional blueprint, topdown, macro project approach to ODA development assistance."*

Sa disenyong nagpapahalaga sa bottom-up na proseso, ang disenyo ng WESAMAR ay may limang pangunahing istratehiya:

1. pagpapaunlad ng mga organisasyon sa komunidad
2. serbisyong pinansyal para sa kanayunan
3. pagpapaunlad ng mga negosyo
4. pagpapaunlad ng mga kooperatiba
5. pagpapalakas ng mga institusyon

Isinagawa ito sa kabuuang 156 barangay na dinagdagan pa ng 54 expansion barangays noong 1998.

**Pangangasiwa ng WESAMAR**

Ang tinatawag na Project Management Office (PMO) ay may dalawang co-directors. Nagmula and isa sa Department of Agriculture (DA), ang isa naman ay kinatawan mula sa European Commission (EC). Hinati ang pamamahala sa apat na zone offices at binuo ang area management team sa bawat munisipalidad.

Para sa ibat-ibang antas ng pangangasiwa — binuo rin ang Executive Steering Comimitee na inuupuan ng secretary ng DA, kinatawan mula

sa pang probinsiyal na pamahalaan, ahensiyang pang rehiyon ng gobyerno, NGOs at maging pribadong sektor. Kahanay din sa pangangasiwa ang Technical Steering Committee na pinamunuan ng gobernador ng probinsya at nilahukan ng mga NGO's, gobyerno sa munisipalidad at maging mga organisasyon mula sa mga komunidad. Binuo rin ang Review Committee sa ilalim ng PMO at may responsibilidad ito na magpahintulot ng mga pinondohang proyekto sa ilalim ng WESAMAR.

**Community Development Process at Enterprise Development**

Sa unang tatlong taon ng programa ay naging mataas ang antas ng partisipasyon, maganda at positibo ang disposisyon ng mga kalahok sa proseso. Isinagawa ang iba't-ibang proseso sa pagpapaunlad ng kumunidad na may ganitong nakalinyang hakbang:

1. pagpasok at pag-aaral ng sitwasyon sa komunidad
2. pagpaplano
3. implementasyon
4. konsolidasyon
5. paghahanda ng pagtatapos ng programa

Sa ulat ni Descanzo, sinabi niya na sa disenyo ng programa, maraming oras at preparasyon ang ibinuhos sa pagpapalakas ng mga komunidad, na siyang pangunahing layunin ng mga pag oorganisa ng mga NGOs at pagbigigay ng teknikal na suporta mula sa lokal na gobyerno. Makalipas ang tatlong taon, isinailalim sa isang Mid-Term Program Review noong 1997 and unang bahagi ng implementasyon. Nag-resulta ito sa pagkaroon ng malaking shift sa proseso at implementasyon programa.

Sa nasabing review, kritikal ang pagpuna sa pangangasiwa at proseso ng implementasyon — masyado raw mabagal ang proseso at hindi mahusay ang pangangasiwa. Ayon sa ulat ng Mid-Term Review, hindi raw nagbigay ang programa ng malinaw na pamantayan sa pagbibigay ng serbisyo, pautang at mga pasilidad. Hindi rin daw naibigay ng mga nangangasiwa ang angkop na mga pamantayan ukol sa kapaligiran at kalikasan. Kaugnay rin ng review pinalitan ang European Co-director at ang ipinalit ay nagbigay ng matinding-tulak tungo sa Enterprise Development na bahagi ng programa.

Dahil sa malaking pagbaling ng direksyon ng programa, ang proseso at istratehiya ng programa ay napunta sa pagbuo ng mga Aggregated Smallholder Enterprise at Joint-venture Enterprises. Ang mga organisasyon sa komunidad ay kinailangang (at napilitang) maging kooperatiba. Sa pagtatapos ng programa (sa program end review), ito ang sinabi kaugnay nito: ang mga organisasyon ay naging kooperatiba kahit walang malinaw na mga basehan kung ito ay *"organizationally and financially prepared"* na maging kooperatiba. Maging ang mga NGOs ay napilitang maging

"business-minded" dahil maging sila ay pumasok sa mga joint-venture enterprises. Ito ay nangyari kahit pa maraming mga pagtutol mula sa mga POs at NGOs. Ayon nga kay Descanzo, *"… NGO's resented the abrupt and rather forced reorientation of community organizing work towards cooperativizing the CBOs."* Naging sobrang komersyalisado ang programang WESAMAR at parang laging makikipaghabulan sa oras ang tiyempo at usad ng implementasyon, lalu na ang mga targets kaugnay ng mga dapat mangyari sa mga negosyong itinayo. Halimbawa ng mga ito ay ang malalaking resources na ibinuhos sa mga negosyong gaya ng sumusunod:

1. 12.5 milyong piso para sa seaweeds
2. 5.5 milyong piso para sa kape
3. 2.0 milyong piso para sa abaka
4. 6.5 milyong piso para sa coco-coir

Dapat masabi sa artikulong ito na sa mga impact studies na ginawa sa programang WESAMAR, lumabas na nabigo ang programa sa layunin nitong mapaunlad ang mga komunidad sa pamamagitan ng malalaking joint-venture enterprises. Maraming detalye ukol dito ang ginawang pag-aaral ni Earl Parreño (2001) sa impact ng WESAMAR.[1] Ang maikling pagpapaliwanag sa pagkabigo ng mga proyekto ng WESAMAR sa impact study ni Parreño ay: 1) kahinaan ng disenyo at istratehiya ng programa 2) kakulangan ng sapat na prosesong magpapaunlad ng mga komunidad 3) matalas na pag-target ng tamang lugar at mga lokasyon ng proyekto 4) iba't ibang political dynamics na nagpabagal at naka-apekto sa implementasyon at 5) kahinaan at kakulangan ng sapat ng kakayahan ng mga kabahaging institusyon gaya ng POs, NGOs at maging ahensiya ng gobyerno. hindi sapat ang kaalaman at kakayahan ng mga tao (at maging ng ibang kasaling institusyon) para mapatakbo ang mga malalaking negosyo.

Sa pagbabalik tanaw naman ng mga kinapanayam ni Descanzo, may mga nagpapasalamat naman sa marami-rami ring kaalaman at benepisyong nakuha mula sa WESAMAR. Nagpapasalamat ang mga tao sa mga konkretong proyektong naidulot nito gaya ng mga infrastructure, lalo na ang mga pabubuo at pagbibigay kasanayan sa mga POs at NGOs. Sa kabilang banda nga lamang mas malaki ang panghihinayang dahil sa dapat sana'y nagamit na mga pondo para sa mas tamang pangangailangan na angkop sa kakayahan ng mga taga Samar. Hindi ito nangyari dahil nga sa mga naging problema ng implementasyon.

## Mga Aral mula sa Implementasyon ng WESAMAR

Balangkas ng Pagpapaunlad - Nakita na sa unang bahagi ng implementasyon ng WESAMAR, na mataas ang pagpapahalaga sa

[1] Maraming detalye sa naging impact ng programa sa pag-aaral na isinagawa ni Earl Parreño na "Integrated Area Development Theory and Practice. The Experience of the Western Samar Agricultural Resources Development Program" (2001). Inilabas ito ng MODE, Inc.

proseso. Naging mataas ang antas ng partisipasyon at pag-asam ng mga miyembro ng komunidad sa inaasahang magandang ibubunga ng programa. Subalit nagkaroon ng malaking pagbabago sa ikalawang bahagi ng implementasyon. Nagkaroon ng commercial enterprise development approach mula sa community development process ang WESAMAR. May mga pagtatalo na ito ay hindi malaking pagbabago (at ayon sa mga nagtulak nito), bahagi pa rin daw ito ng community development process. Sa pagkakaroon ng ibang tulak ng pagpapunlad nagbunga ito sa mabilisang pagkakaroon ng malalaking negosyo- na pilit isinagawa kahit pa maraming kahinaan at walang sapat na paghahanda mula sa ibat-ibang sector. At maraming negosyo ang hindi nagtagumpay.

Ang Papel ng mga NGOs – Isang halimbawa ang programang ito sa pagbibigay puwang sa paglahok ang mga NGO. May mga tagumpay sila sa pag-impluwensya ng mga proseso subalit malinaw rin na naging salik din ang kanilang kahinaan sa kinahinatnan ng programa. Mula sa malawak na karanasan sa pag-oorganisa ng mga komunidad, kinailangang maging mahusay rin ang mga NGOs sa negosyo – at dito lumabas ang hindi sapat na kahandaan ng mga NGOs. Kung may sapat silang kahandaan, hindi kaya naging mas epektibo sila sa mga negosasyon, sa mga malalakas na boses at impluwensya sa ODA donor agency? Maraming pahayag ang mga miyembro ng PO na hindi raw naririnig ang mga mungkahi nila ukol sa pagnenegosyo na naaayon sa kanilang kaalaman at kasanayan. May mga puwang pa para sa pagpapataas ng antas ng komunikasyon sa pagitan ng GOs at POs. Hindi kaya dahil rin sa pagiging bago ng mga gawaing pag-nenegosyo at pagtupad sa mahigpit na pangangilangang sundin ang kontrata mula sa ODA program? At dito nga lumabas na dapat magpakahusay ang mga NGO's. Isang halimabawa na ang mga kasanayan sa larangan ng paghahanda para sa mga proyektong pagkakakitaan. Maaari ring idagdag ang pangangailangan ng mga NGOs na muling tanawin ang kanilang mga layunin at pagpapahalaga (values) bilang organisasyon.

Sabi nga ni Descanzo, malaking pagsubok sa mga NGOs ang pagpapasok sa ODA programs. Maraming kakaharaping usapin ang mga NGOs gaya ng kanilang mga pangorganisasyong pagpapahalaga (organizational values), panangutan (accountability) sa mga komunidad at ang kanilang papel bilang lehitimong kasapi ng panlipunang-sibil (civil society). Sa pakikilahok sa ODA, maaring manganib ang NGO kung makakalimutan nila ang mga simulaing pinanghahawakan nila bilang NGOs.

Ang ODA at ang Pag- unlad - Makikita sa implementasyon ng WESAMAR na maraming salik kung bakit hindi natuloy sa tunay na pag-unlad ng mga komunidad ang pondo sa ODA. Para sa ODA agency, may kahirapang tanggapin na ang pag- unlad na nais nila ay hindi nadadaan

sa pagbibigay ng mga istriktong kontrata sa loob ng lima o anim na taon. Hindi nila naisa-alang-alang ang papel ng kahinaan ng mga institusyon. Maging mahuhusay na disenyo ay magkakaproblema kung ipapasok ang konstekto ng mga institusyong walang sapat na kahandaan. Paano pa kung ang disenyo ng programa ay napalaki at ibinaba lamang (na walang sapat na konsultasyon o pagtanggap) sa mga komunidad?

Tunay na Pakikibahagi sa Pag-unlad - Ito ang dapat magkaroon ng mas malinaw at naaangkop na pamantayan. Makikita sa implementasyon ng WESAMAR na lahat ng nakibahagi ay mataas ang pag asam at may magandang disposisyon sa programa sa mga unang taon. Sa pagpapatuloy ng implementasyon — naiba ang direksyon, hindi lamang ng programa, kung hindi maging ng uri partnership. Naisantabi ang pagpapahalaga sa proseso at konsultasyon. Nagdulot ito ng pangit na resulta ng mga proyekto. Paano ba tinitingnan ng bawat kabahagi sa programa ang bawat isa? Paano sinusubaybayan ang kalidad ng partnership?

Ang mga ito ay ilang mga aral lamang na nagbubunga ng mga bagong katanungan. Ang pag-aaral ng ODA WATCH sa implementasyon ng mga ODA programs at project ay naglalayong alamin at umpisahang sagutin ang maraming tanong ukol sa pagsagot ng malaking katanungan: Paano nga ba magdudulot ang ODA ng tunay na pag - unlad at pagtaas ng kalidad ng pamumuhay ng mga mahihirap na komunidad sa Pilipinas?

Sana ay hindi masayang ang mga kaalamang idinulot ng WESAMAR sa mga POs, NGOs, government agency at donor agency na nakibahagi, nakikibahagi at makikibahagi pa sa iba pang ODA programs at projects. **(*NG)***

----------o---------

## The Dawning of New Hope!

Ben Franklin once said *"He who lives upon hope will die fasting,"* but living with dreams and hope coupled with concrete and definite action might be good from anybody to achieve what he or she is craving for. No doubt, every poor human being would likely dream and hope to improve the standards of his or her living conditions. Surely, these dreams should be coupled with hard work and dedication so that these will be transformed into reality.

But such positive and development oriented attitude cannot stand alone, it needs intervention from concerned agencies to make these things happen. The government must do its share in alleviating the life of the poor and the underprivileged sector. Well and good that there are non-government organizations that work for the realization of these not so far fetched quest – the "quest for genuine development." And when we speak of genuine development, eradicating poverty should be one of the paramount concerns.

And this is where the Management and Organizational Development for Empowerment (MODE), Inc. will come into the rescue and play vital role in eradicating poverty, because as aptly said, *"eradicating poverty lies in developing local economies."* MODE's vision and mis-

sion is a timely intervention for the transformation of Samar Island into a more progressive place. The advancement of a comprehensive rural development strategy and the contribution to the building of local economies in the rural areas is (really) the answer to poverty eradication.

With destiny, I landed to a very challenging and new task in my current work, and honesty, I am very much thankful that I was accepted by MODE as Area manager of the Eastern Samar Office under the Samar Island Local Economy Development Program. Very sincerely, I must admit that this is a tough job for me, but honestly also, this kind of job is the one that I have been longing for. A no-nonsense task in line with my burning desire to help the poor and the underprivileged in our nearly rotten society. Thanks to the trust and confidence reposed in me by the Samar Island Coordinator and I just hope and pray that I can live up with the expectations of this prestigious NGO. But I am very much certain that with the able stewardship of the Samar Island Coordinator and his unselfish sharing of expertise and sincere commitment to genuine development work, I know, we can follow the right track of our tough responsibilities.

When I assembled the brief profile of the Province of Eastern Samar, I discovered a painful truth that Eastern Samar is the poorest province in the entire Region VIII, thus MODE's program might be the answer to this painful truth. With the five pillars of developing local economies in the rural areas, there is no doubt that we can slowly turn things for the welfare of the poor and the marginalized sectors.

With barely three (3) months of MODE's intervention in the southern part of Eastern Samar through genuine community development work, I may subjectively say that we are slowly getting back to the road of uplifting the life of our focused sectors.

Initially, we had set up the Livelihood Credit Program in Mercedes, the poorest town of the southern part of Eastern Samar through BUSILAK, an umbrella organization of women in the said municipality. As of this writing, the repayments of the beneficiaries are almost one hundred percent, and with proper monitoring and CD work, we can hit 100% repayments. Aside from their Livelihood Credit Program, some chapters of the BUSILAK Federation are starting and in fact others have started to engage in other gardening, food processing managed by the chapter women organizations.

Through our strong partnerships with LGUs, we are in the process of holding a Municipal Development Forum in some strategic municipalities of the Province. We have finished the LDP-PRA in all three target barangays in Guiuan, Eastern Samar and the Operational Planning for Livelihoods will follow. By January, 2005, all Livelihoods will be operationalized in these pilot areas. Hopefully, we can adopt a Marine Sanctuary as part of our development endeavor. We had initial talks with the Punong Barangay in the coastal area of Guiuan and he identified a possible islet for this noble project.

These things, even if considered only little by others, means a lot to these communities where we are engaged. I can feel their sincere appreciation for what we are doing in MODE since I joined them. And believing in good faith with our noble undertakings, YES, I KNOW AND AGREE THAT WE CAN MAKE A DIFFERENCE! And maybe Ben Franklin is wrong when he said that *he who lives upon hope will die fasting,"* Because hopefully, with MODE's intervention, Eastern Samar will graduate from being the poorest province in Region VIII!!! ***(JA)***

----------o---------

## MODE WORKERS: SETTING THE STANDARDS TO REALIZE A DREAM

NGO workers, they say, are of different breed. Majority of them were a product of the first quarter storm, the "martial law babies", hence the sense of advocacy is strong. And for the young ones, the constant exposure to social problems is in a way, a nurturance to activism. And as most NGOs survive on grants and donations, security of tenure is a perennial management problem. Workers, however, are not complaining – as fulfillment becomes the essence of working. Intangible "karmic returns" though not expected give a sense of spiritual security.

### *Setting the perspective*

Last November 4-6, a total of 27 MODE workers that included the research volunteers, 11 from Samar and 8 from Manila took time off for a seminar-workshop. The gathering aims to forge unity on MODE's direction and clarify program implementation, also to be acquainted with one another. The seminar-workshop was held in Calamba, amidst an intermittent drizzle in between a sun burst. It was an opportune time for all for two reasons: first, most of the workers are new to the organization and second, MODE is embarking on a new terrain in rural development – that of building the local economies of Samar and advocating for food security and fair trade. 11.11.11 partly contributed to make the workshop-seminar possible.



First is getting the workers' perception of work in an NGO setting. For all, fulfillment is the most important, while at the same time having something to keep body and soul in one piece. Their motivation is knowing that every aspect of work contributes to a larger goal. The five pillars of building economies: Strong people's organizations; Participatory Governance, Access to Finance and Market, Gender Mainstreaming and Ecological Sustainability or SPAGE is taken to heart. The pillars are seen as the embodiment of spirituality that should be seen in the life of a community. And everyone agrees that the key to achieving positive result is – teamwork. Teamwork is not simply being systematic, coordinative and with open communication, TRUST is the most important. And everybody agreed that there be a performance appraisal, various criteria were suggested, such as quantity and quality of work; gender sensitivity, relationship to co-workers and to the community, accountability and stewardship, cost effectiveness, distinctive contribution to MODE's mission and personal integrity.

### *Spirits run high*

Far from being all work and no play, the group decided to stage a sing-along with surprising talents. And capping the seminar-workshop on the following day with a code of ethics:

> Commitment to the advancement of MODE's mission of building progressive local economies is the utmost concern of every MODE Development Worker, thus:

- Her/his personal conduct within and outside the organization is anchored on honesty;
- As facilitator of change, he/she is efficient, effective, transparent, responsible and accountable to all stakeholders towards the realization of sustainable and empowered communities;
- A MODE Development Worker is trustworthy and therefore acts with humility;
- A MODE Development Worker recognizes ownership of the collective and organizational decisions that ensure the stability of the organization and solidarity among co-workers;
- A MODE Development Worker submits to the principles of Human Rights, Gender Equality and Ecological Sustainability. ***(NGF)***

----------o---------

## MODE STAFF DEV









## MODE: PRA with the community

**Scenario 1:** A number of people, representing the various sectors in the barangay, are huddled together, heads touching to fill out a manila paper. On the manila paper were words separated by lines. The form looks like this:

| Names of Spouses | Household Members | | | Source of Livelihood | Household Problems |
|---|---|---|---|---|---|
| | Male | Female | Total | | |

A spectator will realize that even when the list contains a hundred or more households, there are only two prominent problems that have surfaced; first – lack of capital, second – insufficient family income. Probing further why the family income is insufficient, will give you one remaining problem on the list – lack of capital.

The question "lack of capital for what?" is met with

- for buying a motorized banca so we can sail further from the shore and catch more varieties and bigger fish…
- for buying fishing gears like fish nets…
- for purchasing carabaos, tractors, and other farm tools and machineries…
- for buying and selling tuba…
- for producing copra…
- for mat weaving…
- for swine or goat raising…
- for buying additional goods for our sari-sari store…
- for root crops farming and production…

The scenario is from a session of livelihood development planning through participatory rural appraisal (LDP-PRA) conducted by MODE in two provinces of Samar Island – Northern Samar and Eastern Samar.

After the first day's session where participants share the results of their workshops using PRA tools such as resource mapping, household livelihood and problems, fishery seasonality, products/ markets/financing, gender roles, Seasonality of Income, Expenses, and Credit chart, Income utilization, Venn diagram of credit sources, and pie chart of credit utilization, you will hear them declare:

- "This is the first time a session like this is conducted in our barangay. I think this is very helpful because we learn to appreciate the resources that we have through the resource map that we drew."
- "What we did today is great because we realized how to compute for our income, and see how we spend them."
- "It is really sad being faced with the reality that we incur debts because of our many expenses which cannot be supported by our income. Sometimes we need to get a loan just to pay for a previous loan. There is no savings for anyone of us the entire year."

**Scenario 2:** The facilitator draws stick figures on a manila paper:

She explains that each one of us has our individual dreams that we can put together to create a dream for our community, a vision for our barangay. A vision that is realistic and achievable in a given period which sprang from life's realities of the people in the community.

These are some of the visions that are now embedded in the minds and hearts of the LDP-PRA participants:

Usa nga murayaw nga kumunidad , nga may pagkaurusa ngan mainuswagan, may sadang nga pakabuhi an ngatanan, nga an kababayen-an nakakabulig han ira kaasawa-an han pagpakabuhi para makapagpa-aram hit ira mga anak agud magkaada ini hin maupay nga trabaho ngan kabubuwason para hit masunod nga henerasyon. (A Peaceful community with unity and progress, where everybody has sufficient income, the women are able to help their husband financially, so they can send their children to school, to earn a degree and finally have a better job and good future.) – Brgy. Cabunga-an Women's Organization, Brgy. Cabungaan, Mercedes, Eastern Samar

" Magkamay-ada hin mainuswagon nga kabubuwason, mainoswagon nga barangay, may ada pagpakabuhi han kada tagsa, para magkamay-ada hin mamingaw nga komunidad." - Brgy. Tagporo, Guiuan, Eastern Samar